

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Paparating sa Brampton ang Luminato!

BRAMPTON, ON (Abril 21, 2022) – Nananabik ang Lungsod ng Brampton na ianunsyo na ang Luminato Festival Toronto ay darating sa Brampton sa Hunyo 10 at 11. Sa unang pagkakataon, ang Luminato, ang international festival sa sining at mga ideya, ay magbi-venture sa labas ng Toronto at magkakaroon ng dalawang espesyal na mga instalasyon na magaganap sa Brampton.

Ang [Arts, Culture and Creative Industry Development Agency](#) (ACCIDA) ng Lungsod ng Brampton at ang [Tourism Brampton](#) ay proud na inihahatid sa tahanan ang Luminato Festival sa lungsod, na magbibigay sa mga residente at panauhin ng pagkakataon na maranasan hindi lamang itong premier arts events, ngunit ang diverse na hanay rin ng sining at mga pangkultural aktibidad ng Brampton, espesyal na mga event, at napakarami pa.

Art in Transit

Biyernes, Hunyo 10

- Mount Pleasant GO Station
- Brampton GO Station
- Bramalea GO Station

Ang Art in Transit ay naghahatid ng saya at katuwaan sa teatro sa kalye at ang shock at pagkamangha sa makasining na kaganapan sa inyong araw-araw na pagbibiyaha. Biglang lumalabas sa piling mga istasyon sa Brampton, ito ay isang katangi-tanging karanasan sa pagbibiyaha sa umaga na hindi ninyo gustong kaliligtaan.

All in Good Time

Sabado, Hunyo 11

Loafer's Lake Recreation Centre

Sa loob ng dalawang taon, may kaunting naganap o walang seremonya dahil pinigilan ng pandemyang COVID-19 ang ating kakayahan na magtipon-tipon, magdiwang at markahan ang paglipas ng panahon.

Iniiimbitahan kayo ng *All in Good Time* sa isang ginabayang seremonya ng pagmamahal, pagpapasalamat at pagpapalabas. Dinisenyo para sa mga indibidwal at mga pangkat sa lahat ng kakayahan, ang nourishing activation na ito ay gumagamit ng audio at visual prompts para muli tayong ikonekta, iangkop ang ating mga puso at gisingin ang pisikal na ritmo na naramdaman sa pagitan ng mga relasyon ng katawan, lupa, tubig at iba pa.

Tungkol sa Luminato Festival Toronto

Ang Luminato Festival Toronto ay isang tagapag-organisa at tagapagpasimula para sa malaki, matapang na mga kontemporaryong gawa ng sining. Bawat Hunyo, sinisimulan ng Luminato ang summer sa isang festival para magiliw na tanggapin ang mundo sa Toronto, nagpipresenta, lumilikha, at kino-komisyon ang katangi-tanging mga Canadian at international artists.

Sa buong taon, nakikipagtulungan ang Luminato sa mga artist mula sa iba't ibang kultura at komunidad ng lungsod at rehiyon, sumusuporta sa mapanlikhang development, at hinahatid ang sining sa entablado ng mundo. Kinokonekta nila ang mga lokal na boses sa pandaigdigang mga pag-uusap at ibinabase ang kanilang trabaho sa pagkaka-pantay-pantay, pagkakasali ng lahat, pagiging accessible, at pagiging sustainable. Pinaka-mahalaga, naniniwala ang Luminato sa kapangyarihan ng sining para pasimulan ang mga pag-uusap at pasiglahin ang mga audience.

Para malaman ang iba pa tungkol sa festival ng taon na ito, bisitahin ang luminatofestival.com

Mga Quote

“Nananabik tayo na tanggapin ang Luminato sa Brampton sa unang pagkakataon! Markahan ang inyong mga kalendaryo para sa Hunyo 10 at 11 para mag-enjoy sa mahika at saya sa dalawang espesyal na mga event na ito.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ito ay isang kapana-panabik na pagkakataon para sa Brampton! Excited na tayong papasukin sa ating lungsod ang Luminato at bigyan ang ating mga residente at mga bisita ng pagkakataon na maranasan itong event na kinilala sa buong mundo.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10, Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang pagkakataon na ito na magkaroon ng Luminato ditto sa Brampton ay magbibigay sa ating komunidad ng pagkakataon na maranasan ang timpla nitong world-class event sa ating bakuran mismo. Sabik na sabik na akong manood!”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton; Council Advisory Panel Member, Arts, Culture & Creative Industry Development Agency*

“Salamat sa Luminato sa pagsasali sa Brampton sa event sa taon na ito at sa pakikipagtulungan sa ating team sa Lungsod ng Brampton para dalhin ang karanasan na ito sa ating komunidad.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

“Naririto ang Luminato para muling pasiklabin ang saya at inspirasyon na kinakailangan na na-miss natin sa loob ng ilang taon. Nananabik kami na makipag-partner sa Lungsod ng Brampton para dalhin ang parte ng Luminato sa Brampton sa taon na ito Ang Luminato 2022 ay magiging isang kasigla-siglang

paalala sa mga audience sa buong rehiyon tungkol sa kapangyarihan ng sining para ikonekta tayo sa pamamagitan ng ibinabahaging mga kwento at karanasan.”

- *Celia Smith, CEO, Luminato Festival Toronto*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

Mga Tagasuporta sa Luminato Festival Toronto 2022

Nagtatag na Partner ng Pamahalaan Lalawigan ng Ontario

Majlalaking mga Partner Pamahalaan ng Canada, Lungsod ng Toronto

Mga Corporate Partner Cadillac Fairview, Meta, BMO, TD Bank Group, Loblaw Companies Limited, OLG, Hatch, Bloomberg, Power Corporation of Canada, Kingsett Capital, Oxford Properties, at marami pa.

Mga Indibidwal na Donor at Foundations Anonymous, Ian at Kiki Delaney, C.M., The Dianne and Irving Kipnes Foundation, Joan at Jerry Lozinski, Sandra at Jim Pitblado, C.M., Gretchen at Donald Ross, O.C., The Larry & Judy Tanenbaum Family Foundation, The Michael Young Family Foundation, ANDPVA, The Azrieli Foundation, Elinor Gill Ratcliffe, C.M., O.N.L., LLD, at marami pa

Mga Partner sa Pamahalaan Canada Council for the Arts, Ontario Arts Council

Mga Partner sa Media St. Joseph Communications, Branded Cities, Astral, OUTFRONT Canada, Pattison, The Globe at Mail, Toronto Star

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca

Luminato Festival Toronto
media@luminato.com